Katotohanang si Allah ay hinadlangan niya sa Meccah ang mga elepante,at ipinagkaloob Niya rito ang Kanyang Sugo at ang mga mananampalataya,at tunay na hindi ito ipinapahintulot sa sinumang nauna sa akin,at hindi rin ito ipinapahintulot sa sinumang sumunod sa akin,at ipinapahintulot sa akin ang isang oras sa Araw,at tunay na ito ay oras ko,ito ay isang Banal;

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya.Nagsabi siya:((Nang buksan [Tagumpay] ni Allah Pagkataas-taas Niya -sa Sugo niya ang Meccah,nakapatay ang Khuza`ah ng isang lalaki mula sa Tribo ng Layth,na napatay sa kanila sa panahon ng Kamang-mangan.Tumayo ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at nagsabi siya:Katotohanang si Allah ay hinadlangan niya sa Meccah ang mga elepante,at ipinagkaloob Niya rito ang Kanyang Sugo at ang mga mananampalataya,at tunay na hindi ito ipinapahintulot sa sinumang nauna sa akin,at hindi rin ito ipinapahintulot sa sinumang sumunod sa akin,at ipinapahintulot sa akin ang isang oras sa Araw,at tunay na ito ay oras ko,ito ay isang Banal;Hindi pinuputol ang mga Punong-kahoy nito,at hindi pinuputol ang mga damo nito,at hindi pinuputol ang mga tinik nito at hindi kinukuha ang nahuhulog rito maliban sa napulot.At sinuman ang namatayan sa kanya nang isang patay;siya ay pinapapili sa dalwang bagay;Ang pumatay siya o ang bayaran,Tumayo ang isang lalaki na taga Yaman,na tinatawag sa pangalang: Abu Sha`,Nagsabi siya: O Sugo ni Allah,Isulat ninyo ako,Ang sabi ng Sugo ni Allah;Isulat ninyo ang para kay Abu Sha`,Pagkatapos ay tumayo si Abbas at sinabi niya:O Sugo ni Allah,maliban sa maliban sa Izkhar [isang halamang mabango na tumutubo sa Meccah],sapagkat ninlalagay namin ito sa mga bahay namin at mga libingan namin,Nagsabi ang Sugo ni Allah:Maliban sa Izkhar [isang halamang mabango na tumutubo sa Meccah]))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinapaalam ni Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya-Na sa [panahon na] mabuksan ang Meccah napatay ng isang lalaki mula sa Tribo ng Khuza`ah ang isang lalaki mula sa Hudhayl na napatay sa kanila sa panahon ng Kamang-mangan at ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan -ay tumayo at nagsermon ayon sa naisalaysay sa Hadith at ipinahayag ang Pagkabanal ng Meccah at si Allah ay hinadlangan Niya rito ang mga nakasakay sa Elepante,at ipinahintulot niya sa kanyang Propeta ang isang oras sa isang araw,at hindi ibig

sabihin sa oras na ito ay ang oras na limitado,Ngunit ang ibig sabihin nito ay oras mula sa araw ng Pagbubukas [pagtagumpay sa Meccah] na kung saan ay pinahintulutan rito ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-mula sa umaga ng araw na ito hanggang sa hapon,At ipinaalam niya na ang pagiging Banal nito ay ibinalik pagkatapos noon tulad ng dati,Hindi pinuputol ang mga tinik nito at hindi pinuputol ang mga damo nito,at hindi pinuputol ang mga punong-kahoy nito,at hindi pinuputol ang mga damo nito na tumutubo sa hangganan ng Haram [Meccah] maliban sa Izkhar [isang halamang mabango na tumutubo sa Meccah], at hindi kinukuha ang nahuhulog rito maliban sa napulot.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/6637

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee